

1

“Tell me about this, Maggie. Ano ang microwave oven na ito sa 'yo?” tanong ni Yelen sa isa sa mga participants.

“It was the first time we... made love,” paliwanag ni Maggie, habang ikinakahon ang naturang microwave oven. “Nagbibihis ako kasi kakain kami dapat sa labas. Di kami makaalis dahil sa lakas ng ulan so he reheated some frozen pizza sa microwave. And then, well, you know what happened next.”

Tumango si Yelen. “Cherish what’s good from the memory, but let go of the pain that comes with it. Kagaya ng object na ito. It represents so much in your mind. Kaya ano ang dapat gawin?”

“Box it up,” sagot ni Maggie na animo star pupil sa kindergarten class.

“Very good.” Tatango-tango si Yelen, at lumapit sa isa pang participant. Isang bungkos ng love letters naman ang binabalot nito.

Sa maliit na session room na karugtong ng kanyang klinika ginaganap ang lectures at group dynamics. Tulad ngayon, Boxing Day. Makalat doon

dahil dala ng kanyang mga kliyente ang samu't saring paraphernalia—mula sa maliliit na bagay kagaya ng mga resibo, movie stubs, jewelry boxes at love letters, hanggang sa mga bulky objects kagaya ng life-sized stuffed toy, at gaya ni Maggie, microwave oven.

Sampu ang miyembro ng batch na iyon ng kanyang klase. Iyon ang pinakamarami mula nang mailunsad ni Yelen ang special clinic para sa mga katulad ni Maggie—mga broken-hearted. Mga sawi sa pag-ibig, iniwan, ipinagpalit, niloko. Lahat na ng puwedeng panglarawan sa mga taong na-reject ng taong pinagkatiwalaan at minahal.

Nagsimula iyon sa mga kliyente niyang tine-therapy habang dumaraan sa grieving process ng isang natapos na relasyon. Napansin kasi ni Yelen na kaya humahaba ang proseso at minsan ay nahihirapang mag-let go ang karamihan sa mga babae ay dahil hindi alam ng mga ito ang tamang paraan ng pag-cope sa mga sintomas ng grieving. Ang iba naman ay nakabaon sa maling paniniwalang umiikot lang ang buhay nila sa lalaking minahal. Bumuo siya ng focus group discussion dahil psychologically, mas natututo ang tao kapag may group dynamics. Naba-validate ng mga ito ang isa't isa, nagba-bond, at kapag may shared experiences, mas gumagaan ang pasanin 'ika nga. Hindi kagaya ng male species, women were

willing, and love to share.

Karamihan sa mga participants ay mga babae in their middle twenties to early thirties. Iyong panahon sa buhay ng isang babae na kadalasang nakakaranas ng unang matinding heartache, ayon na rin sa research ni Yelen. Marami ring mga nasa late thirties to forties na. Karamihan sa mga ito ay middle income earners—businesswomen, professors, housewives na nakaranas ng infidelity mula sa kani-kanilang mister, mayayamang ginang na nasa proseso ng annulment o legal separation.

Kung tutuusin, karamihan sa mga kliyente niya ay matatalino at hindi kapos sa buhay. Nahihirapan ang mga ito na mag-unload sa pamilya dahil ang mga ito rin ang inaasahan sa kani-kanilang mga tahanan. Rason kung kaya isang professional ang kinokonsulta nito ukol sa personal na bagay na iyon. Ang iba naman ay may pera lang talaga at nais na may gawin habang nagpapalipas ng sama ng loob.

Kagaya ni Maggie, na nag-iisang anak ng mag-asawang doktor na may prosperous clinic for cosmetic surgery. Interior decorator si Maggie pero huminto nang iwan ito ng fiancé. Through reference ay napadpad ito sa klinika ni Yelen at nag-enrol na rin sa *Get Over It* classes.

Ang programang ginawa niya ay hindi rigid o pormal. Sinadya niyang may mga produktibong nagagawa ang mga pasyente, mga bagay na may kinalaman sa kani-kanyang interests habang nagpapahilom ng kani-kanilang sugat. Nakakatulong iyon upang ma-rediscover ng mga participants ang mga sarili bago naging parte ng isang relationship—mahalaga iyon upang maibangon ang naapakang self-esteem.

“Joanne, tell me why we need to box these objects,” tanong ni Yelen sa isang babaeng nagbabalot ng mga damit. Isa itong graduate student na iniwan at ipinagpalit ng boyfriend of eight years.

“Para magbigay ng signal sa ating consciousness na nawala na ang relasyon na iyon. Na tapos na ang chapter na iyon ng ating buhay. Na hindi kailangang kalimutan, pero kailangang gumawa ng espasyo para sa mga bagong alaala.”

“Excellent. Ano pa, Audrey?”

“Well, right now, these things remind us of something that hurts,” anang tinanong. “But we also have to accept the possibility that when we are healed, hindi na magiging masamang alaala ang mga ito kundi parte ng history natin. Na hindi kailangang itapon, kundi itabi lang muna pansamantala.”

“That’s good. Remember, lahat ng nangyayari sa atin, masama o maganda ay humuhubog sa ating pagkatao. Our experiences shape the persons we are today. But they need not define us. Hindi natin dapat tratuhing biktima ang ating mga sarili. Lahat ay nakakaranas masaknan. Ng rejection. Huwag nating isipin na tayo lang. Halos lahat sa paligid natin ay nakakaranas n’un. And the key thing is to win over heartbreak. Not let it defeat us. Let it make us stronger, wiser. All right?”

“Yes, Dr. Yelen,” chorus ng mga ito.

“Okay, now what did I say last week?” patuloy ng dalagang psychiatrist. “Hindi kailangang pormal ang session na ito. Share and show those stuff with your classmates. Ikuwento n’yo sa isa’t isa kung ano ang history ng bawat object if you want to. Don’t be ashamed. A thing’s value is different for each person. Walang silly objects sa room na ito. Bawat isa sa maliliit na bagay na dala ninyo ngayon ay may impact sa buhay n’yo. But whatever they once represented in your lives are finished. Sa oras na matanggap natin iyan, magiging madali ang pag-move on.”

Nang makitang abala na ang mga ito at mas at ease upang magkuwentuhan ay iniwan na niya upang

magpunta sa private office.

“Tinatanong ng Kuya Yonathan mo kung anong oras mo kakailanganin ang moving van,” ani Becky, ang kanyang assistant nang lumabas siya ng session room.

“Mamayang hapon na lang. Sasabay na ako sa kanya papunta kina Mommy,” sagot niya rito. “May importanteng bisita raw at di puwedeng di ako makarating.” Nakakunot ang ilong ni Yelen.

“Okay. Mukhang marami ngayon. I saw a bench press kanina.” Nanlalaki ang mga mata nito.

Natawa naman si Yelen. Si Nina, na may asawang addict sa pagwo-work out ang may dala ng naturang bench press. “I instructed them to give you an inventory ng mga items. Keep track and give them deposit slips.”

“As always.” Umikot ang mga mata nito.

Muling tumawa si Yelen at nagtuloy na sa private office. Alam niyang nawi-weirdo-han si Becky sa kanyang mga kliyente. But she was dependable. Gamay na nito ang trabaho, at hindi ugaling tsumismis. Praktisado na rin ito sa pagharap sa mga pinakamaligalig na pasyente ni Yelen.

Tiningnan niya ang mga pink message slips na kinuha niya mula sa tray ng assistant. Karamihan sa mga iyon ay med reps na nag-aalok ng mga drugs na kadalasan ay pine-prescribe niya sa ilang pasyente.

Nagpa-order lang sila ng lunch kay Becky mula sa isang Chinese take-out sa kanto at nang matapos iyon ay nagpaalam na isa-isa ang mga estudyante slash pasyente. Ang session ng *Get Over It* ay once a week at dalawang oras ang karaniwang tagal niyon. Habang walang klase ay binibigyan niya ang mga ito ng assignments na magagawa sa labas ng session room. To keep them occupied.

Kinumpiska rin ni Yelen ang mga telepono ng mga ito at inutusan ang mga pasyenteng i-take down ang dating accounts sa *Facebook*, *Tumblr* o *Twitter* at iba pa at gumawa ng panibago kung hindi man tuluyan munang iwan ang social network. Sa aspetong iyon ay nahirapan siyang kumbinsihin ang karamihan sa mga pasyente. It was no wonder they had a tough time getting over their exes—evidensya niyon ang pagtatago pa rin ng numbers ng mga ito, at ang pagiging contacts pa rin sa social networking sites. The urge to stalk one's ex was too strong for some of them at iyon ang unang-unang impulse na tinatangal ni Yelen sa mga estudyante.

“Pare, nag-a-appreciate ka na rito, ah,” biro ni Damon sa kaibigan habang dinudutdot ang bandang tiyan ni Yonathan. Mula nang mag-asawa ito ay bihira na niyang makita. Taon ang lumilipas bago niya makita ang kaibigan dahil na rin sa sariling trabaho.

“Tarantado.” Pinalis ni Yo ang kamay ng best friend at ipinagpatuloy ang pagkalikot sa makina ng sasakyan. Nasa garahe sila noon ng bahay ni Yo.

“S’abi ko naman sa ’yo, free membership ang gym sa condo ko. Eh, ni hindi mo naman binisita man lang,” patuloy pa ni Damon.

“Gulo lang ang dala niyan. Pag nalaman ni Jess na nagdyi-gym ako, magdududa lang iyon. Sasabihin, may pinapapogian ako.” Asawa nitong si Jessica ang tinutukoy.

“Di isama mo, problema ba ’yun?”

“Pare, kung di mo napansin, tatlo na ang chikiting namin. Doon pa lang kinukulang na kami ng oras. Isa pa, baka di mo alam ang bilis na lumaki ng mga bata ngayon. Kesa mag-gym ako, uuwi na lang ako sa bahay para nasusubaybayan ko ang paglaki ng mga anak ko.”

Umiling-iling si Damon. “Ikaw ang bahala. I mean, hindi por que pamilyado ka na, may excuse ka na para pabayaang katawan mo. Basta standing ’yung offer ko. May susi ka sa unit ko.”

“Tulungan mo na lang ako rito at nang matapos na. Malalagot na naman ako kay Yel kapag nahuli ako.”

Nakitingin na rin si Damon sa hood. “Mainipin pa rin ba ang isang iyon?”

“Lumala pa ’ka mo. Parang nalilipat sa kanya ang mga neuroses ng mga pasyente. Kapag umuuwi ng bahay, wala nang ginawa kundi makipag-usap sa telepono. Puro pasyente, pasyente.”

“Magte-treinta na iyon, ah,” komento ni Damon.

Tumawa si Damon. “Huwag na huwag mong mababanggit ’yan sa harapan niya. Baka ma-Taekwondo ka at mapuruhan ka na naman sa... er, vital organs.”

Napangiwi si Damon. “May belt na ba siya ngayon?” Isa iyong bagay na kung maaari ay ayaw niyang maalala.

Ngumisi naman si Yo mula sa ginagawa. “Bakit, may belt ba siya noon nang nadale ka?”

“Bangis talaga niyang utol mo. Kaya ’ka mo siya tumatandang dalaga, walang kalambing-lambing sa katawan. Amasonang-amasona!”

“Magsama kayo ni Mama sa panenermon. Believe it or not, nililista na ni Mama lahat ng anak na binata ng mga kakilala para imbitahan sa dinner kapag Linggo. Eh, nakakatunog na rin si Yel. Minsan hindi sumisipot.”

Damon’s curiosity was piqued. He had not seen Yo’s little sister in almost three years. Before that, bihira lang niya itong makita, halatang iniawasan siya. Pilit na pilit ito kung makiharap sa kanya sa madalang na pagkakataong nagkakapanagpo sila. Sa asta ni Yelen ay ni ayaw siyang makausap. Kaya siya naman ay lalo itong kinukulit. At lalo rin siya nitong dinededma. A part of him was glad to know na hindi pa ito attached.

“Samahan na kita sa errand mo,” alok niya sa kaibigan.

Napatingin si Yo kay Damon. “Akala ko ba, may target shooting ka ngayon?”

“Nag-cancel ang kasama ko, eh. Tinamad na ako,” dahilan ni Damon.

“Talaga lang, ha. Okay din. Para may katulong

akong magbuhat.”

“Nariyan na yata ang kuya mo, Yelen,” ani Becky sa intercom.

Umangat ang ulo ni Yelen mula sa daily journals ng mga pasyente. Binabasa niya iyon upang malaman ang progress ng mga ito.

“Sige, papasukin mo muna. Magliligpit lang ako,” ani Yelen na nag-inat. Masyado siyang nawili sa binabasa. Hindi niya namalayang hapon na pala. Kapag kasi scheduled ang *Get Over It* classes ay wala rin siyang therapy sessions kung kaya maaga siyang nakakauwi.

Matapos i-shut down ang desktop ay isinilid niya sa portmanteau ang mga files na kailangan. Tinanggal niya mula sa sabitan ang blazer at isinukbit iyon sa balikat kasama ang shoulder bag. Ni hindi na siya tumingin sa salamin. Dere-derecho na siya sa labas.

Nang makalabas mula sa main entrance ng kanyang klinika ay natanaw niya kaagad ang rust red na moving van ng kapatid. Nakaparada iyon sa parking space sa harap ng building kung saan siya nagki-clinic. Kumaway siya sa kuya niya na namataan niyang isinasara ang gilid ng van. Nananaba na ang

kanyang once campus crush na kuya—halatang hiyang sa buhay may asawa, naisip ni Yelen. Puting T-shirt at kupas na maong, gomang tsinelas. Hindi na ito pumoporma gaya ng dati.

Isang lalaki ang umikot mula sa likod ng van at tumingala sa kanya. The guy had long hair tied back in a ponytail, at ang suot nito ay light blue shirt, unbuttoned, sa ibabaw ng gray na kamiseta, carpenter jeans at brown boots. He was tall and lean, with an angular face and a gorgeous five o'clock shadow on his well-defined jaw. Isang pares ng *Wayfarers* ang nakasuksok sa tuktok ng ulo ng lalaki. Kumaway rin ito sa kanya.

“Rapunzel, Rapunzel! Let down your golden hair!” sigaw nito.

2

Napanganga si Yelen. Ano ang ginagawa ng lalaking iyon dito?

“Nakuha na namin ang bulk ng mga kahon. Bumaba ka na at kukunin ko lang ang natitira,” anang kanyang kuya na paakyat na ng hagdan patungo sa kinaroroonan niya.

“What is he doing here?” anas niya sa kapatid nang makalapit ito.

“Tinutulungan niya ako,” balewalang tugon ni Yonathan.

“I mean, hindi ba nasa Indonesia siya? Or wherever?” Sumunod siya sa kapatid pabalik ng klinika. Nagbatian ang mga ito at si Becky, na naghahanda na ring umuwi.

“He’s done. Umuwi siya kagabi. Nangungulit, as usual.” Tinungo ng kanyang kapatid ang session room upang kunin ang natitirang mga kahon. Dinampot na rin ni Yelen ang isang maliit na box.

“Oh, I suppose nagsawa na rin siya sa pagliliwaliw,” sarkastikong sabi niya.

Kibit lang ng balikang ang tugon ni Yo. “Who cares? He comes and goes as he pleases. Binata, eh. Be nice. Kasalo siya sa dinner mamaya.”

“What?” Puno ng disgusto ang boses ni Yelen.

“Pangatlong anak na ni Mama ’yan, parang di mo alam.”

“Siya ang importanteng bisita na sinasabi ni Mama?” di-makapaniwalang bulalas niya. Linggo ang mandatory dinner sa mga magulang. Biyernes pa lang. Kaya pala naninigurado ang kanyang mama na sa bahay siya maghahapunan!

Tumaas ang kilay ni Yo habang palabas na sila ng klinika. “What have you got against that? Huwag mong sabihing nag-away na naman kayo ni Damon?”

Wala siyang masabi. There was just something she’d rather not remember, iyon lang. At bumabalik iyon kapag nasa paligid ang lalaki. Nakakadagdag sa pagkaasiwa niya ang kaalamang lalo lamang itong gumuguwapo habang lumilipas ang panahon.

Damn the man.

Yelen was fourteen when she first met Damon. First year college ito at ang kanyang kuya. Madalas

ay tumatambay ang mga ito sa kanila kapag walang pasok. Second year siya noon sa high school, pero neneng-nene pa hanggang dumalas si Damon sa kanila. Natuto siyang mag-ayos at maging conscious sa sarili. Kapag alam niyang papasyal ito ay di siya magkandatuto sa pagpustura. Tinubuan siya ng matinding crush sa binata.

Looking back, hindi naman talaga nakapagtataka kung bakit niya ito pinag-alayan ng pagsintang pururot. Iba ito sa mga kaklase niya sa pinapasukang private school. Confident ito at self-assured, wala itong kasing-cool sa paningin niya. Damon was tall at seventeen—guwapo, athletic, artistic. Pakiwari ni Yelen ay taglay na nito ang lahat ng magagandang katangian na maaaring hanapin sa isang lalaki.

Ordinaryo na ang pagtambay niya sa terrace tuwing hapon upang doon gawin ang homework. Sa garahe kasi ay madalas nagba-basketball ang kuya niya at si Damon o di kaya ay nagbi-billiards sa maliit na pool table. Dumisplay siya, 'ika nga. Number one feature sa kanyang diary kung kinausap siya ni Damon, gaano katagal, ano ang sinabi, kung ano ang suot nito. Nakadetalye lahat.

Now she could only cringe at the memories. *Bakit ba dumadaan sa adolescence ang isang tao!*

“Kumusta ka na, Dr. Yelen? Seen any crazy people lately?” bati ni Damon nang makababa siya kasama si Yonathan.

“Bakit ka nandito?” malamig na bati niya. Kung hindi ba naman lapastangan. *Crazy people? Someone ought to teach the idiot political correctness.*

“Siyempre, dito ako nakatira sa Pilipinas. Last time I checked my passport, Filipino ako.”

“Akala ko pina-deport ka na,” aniya habang inaayos ang seatbelt. *“As persona non grata.”*

Lumapit sa nakabukas niyang bintana ang lalaki, sadyang inilapit ang mukha sa mukha ni Yelen. “Sa gobyerno mo lang ako blacklisted. Pero palagay ko, na-miss mo lang ako.”

“Dream on, Damon,” pakli niya rito. Ang totoo, naasiwa siya sa pagkakalapit nila. It was late in the afternoon but he still smelled divine. At disconcerting ang tumitig sa light brown nitong mga mata. Parang anumang sekretong itinatago niya ay maaaninag ni Damon kapag tumingin siya sa mga matang iyon. His eyes had always been her weakness.

“So, how are things with you, little sis? May boyfriend ka na ba?”

“That’s none of your business,” sagot niya rito. *Little sis?* Hindi niya maipaliwanag sa sarili kung bakit nairita siya sa turing na iyon.

Nagpalatak ang lalaki, sabay iling. “Di ka pa rin nagbabago, uptight ka pa rin. Iyan ba ang welcome na makukuha ko matapos kong mawala ng tatlong taon?”

“Tatlong taon na ba iyon? Wow, time flies when I’m having fun. Try mo mawala ng at least, sampung taon. Baka ma-appreciate ko ang pagkawala mo. But I doubt it very much,” sarkastikong banat ni Yelen, na sinamahan pa ng nakakalokong ngisi.

“Ouch! That hurts.” Sinapo pa ni Damon ang dibdib na animo nasasaktan, pagkuwan ay umayos. “Pero nag-aalala lang naman ako sa kapakanan mo. Kung ako si Mama Alicia, io-auction na kita. Nabuburo ka, eh, sayang ang ganda mo. Naka-shelve. At may symptoms ka na ng spinsterhood—mainitin ang ulo.”

“Alam mo, hindi ko kailangan ang pag-aalala mo. I am perfectly fine. Bakit hindi ang sandamukal mong babae ang atupagin mo?” Bumaling siya sa bag at naghalughog doon. Hindi niya alam kung ano ang hinahanap pero naghalughog pa rin siya. May magawa lang.

“Well, well. Someone’s been keeping up with the news.” Sa halip na ma-offend ay mukhang natuwa pa ang lalaki, taas-baba ang mga kilay. Nakakurus ang mga braso nito sa harap ng dibdib.

“Bad news travels fast,” aniya.

Bumukas ang pinto sa tabi ng driver’s seat. Pumasok ang kuya niya roon. “O, awat muna. Mamaya na ang Round Two ng bakbakan. Wala na ba kaming nakalimutan, Madam?”

Nilingon ni Yelen ang mga gamit sa likod ng van saka umiling. “That’s everything, I guess.” Tinapunan niya ng iritadong tingin si Damon at itinaas ang bintana kaya napilitan itong umatras.

“Padami nang padami iyan, ah,” ani Yonathan na nakatingin sa mga kahon sa likod. “Nandoon pa sa garahe ang unang batch ng mga junk na kinolekta mo mula sa mga pasyente mo. Tinatanong na ni Papa kung puwede daw bang i-garage sale at nang mapagkakitaan. Halos bago pa iyong iba at mamahalin.”

“Kuya, those are not mine.” Pinandilatan ni Yelen ang kapatid. “Isosoli ko rin ang mga iyon sa may-ari. Huwag ninyong magalaw-galaw ni Papa iyon!”

“Oo na, fine,” ani Yonathan at inantay lang na

makapasok sa likod si Damon bago nagmaniobra palabas ng parking lot.

Tahimik si Yelen sa kabuuan ng biyahe at ang Kuya Yo lang niya at si Damon ang nag-uusap.

At mula sa usapan ng mga ito ay napag-alaman niyang sa Bali pala galing ang hudas na si Damon. Nag-freelance ito sa sa isang lifestyle TV show na pag-aari ng *MTV Asia*. Na-feature raw sa cable TV ang magazine show, maging sa mga magazines sa iba't ibang publishing companies na kalat sa Asia. Di maitatangging big time talaga ito, kahit masasabing hindi regular ang trabaho. Kung saan-saan ito napupunta para sa mga freelance gigs kung kaya bihira niya itong makita.

Not that she missed him, maagap na sabi ng utak ni Yelen. Nasulyapan niya sa overhead mirror ang nakatawang mukha ni Damon. Para itong batang nakatingin sa labas ng bintana, habang nakikipagkuwentuhan sa kanyang kuya. His childlike demeanor was an illusion though. Alam niya kung gaano ka-deadly pagdating sa mga babae ang taglay na charm ng isang Damon De Guia. Sa kabila ng minsan ay boyish nitong asta, Damon was a certified predator. Napailing na lamang si Yelen. Sa puntong iyon, marahil ay hindi magbabago ang lalaki.

Nang makilala niya si Damon ay ganoon na ito, at hanggang ngayong tumanda na sila ay di ito kakikitaan ng katiting na pagbabago.

Nang tumingala siya ay nagkasalubong sila ng tingin sa salamin.

Napapitlag nang di sinasadya si Yelen. How long had he been looking at her? Nakataas ang isang kilay nito, a small smile on his lips, at mataman siyang tinitingan. Hinintay niyang humirit ito pero wala siyang narinig na salita mula sa lalaki. Self-consciously ay hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na kumalas na mula sa pagkakatali. At naalala niyang basta na lang pala siya umalis kanina nang hindi man lang tumitingin sa salamin! How she must look to Damon, na sanay na nakikihalubilo sa mga international models, hindi na niya gustong isipin. Nabura na siguro ang kakarampot na lipstick at blusher na inilalagay niya bago humarap sa mga pasyente sa simula ng sessions. Pinigilan niya ang sariling kunin ang compact upang inspeksyunin ang sarili.

Bakit niya kailangang magpaganda para rito? Para namang mapapansin nito iyon.

Years ago...

“Yel-o, kumusta?” Habang dumadaan ay pinisil ni Damon ang pisngi ni Yelen, na nagsusulat ng notes sa terrace.

Kadarating lang ng binata at ng kuya niya. Alas cuatro nang hapon at hindi pa umuuwi ang kanilang mga magulang mula sa trabaho. Bukod kay Damon ay may kasamang tatlo pang lalaki ang kapatid. Dumerecho na ang mga ito kasama ang mga kaibigan sa loob ng kanilang bahay nang hindi siya nililingon. But that was more than enough for Yelen. Lately ay hindi lang basta perfunctory greeting ang ibinibigay ni Damon sa kanya. May papisil-pisil na rin ito sa pisngi o di kaya ay sa ilong niya. And she looked forward to those innocent little touches. Lahat ng sinasabi nito sa kanya, kung ilang beses siyang hinawakan, ay detalyadong nakatala sa kanyang diary.

“Yel, ’yung inumin ’ka mo, paakyat mo kay Ate Rina.” Iyon lang ang bati ng kanyang magaling na kapatid bago ito pumasok sa bahay.

Sa *UP* nag-aaral ang mga ito kaya walang mga uniporme. Signature outfit na yata ng magkakaibigan ang T-shirts, maong at sneakers. Mahaba ang buhok ni Damon, at sa malas ay nakikigaya na rin ang kuya niya. Ilang buwan na itong hinahabol ng gunting ng

kanilang ina, pero kakampi ng una ang kanyang papa na alma mater din ang *UP*. Hayaan na lang daw dahil phase lang iyon. Sa *College of Fine Arts* nabibilang ang panganay kaya exposed daw ito sa artsy crowd.

Sinilip ulit ni Yelen ang mga bisita at nakita niyang nagsiakyat ang mga ito sa second floor ng kanilang bahay. Sa veranda sa second floor ang tambayan ng mga ito. Pinagtulungan ng mga itong iakyat ang pool table mula sa garahe noong isang linggo. Biyernes noon. May fledgling band din ang lima at kung minsan ay doon nagja-jamming.

Nang makita ni Yelen na nakaakyat na ang lahat ay saka siya tumakbo sa kusina. Naroon si Rina, ang katulong nila. Abala ito sa pagluluto ng hapunan.

“Ate Ri, ’asan na?” tanong niya rito.

Lumignon ito mula sa niluluto sa stove. “Naka-chill na. Andiyan na ba ang kuya mo?”

“Yup, akin na, bilis.”

Kumuha ng isang tray si Rina, pati mga baso. “Sure ka hindi na kita tutulungan? Mabigat ang tray.”

“Basta, kaya ko na ’yan.” Kinuha ni Yelen ang pitcher ng rootbeer mula sa ref.

“Ano ba iyang naka-freezer?” usisa ni Rina. “Bakit

may ‘Don’t Touch?’”

“Basta. Science project ko ‘yan. Ginalaw mo ba?”

“Hindi po, Miss Mad Scientist. Kaya lang baka kung anong kemikal iyan, o di kaya’y sumingaw ang amoy sa ibang pagkain diyan. Ma-food poison pa tayo dito,” ani Rina na bumalik na sa niluluto.

“Hindi ‘yan toxic substance,” sabi ni Yelen. Nang maiayos sa tray ang mga baso at pitsel ay kinuha na niya mula sa freezer ang nasabing container. Ordinaryong lunch box iyon, asul na plastic. On its cover was a pink *Post-it*, kung saan nakasulat ang ‘DON’T TOUCH, DON’T OPEN’. Pasimple niyang kinuha iyon at inilagay sa tray. Habang nakatalikod si Rina ay dinala na niya ang tray palabas ng kusina.

Talagang mabigat iyon dahil lantay na pilak ang tray. Payat siya kaya nangalay siya kaagad matapos ang ilang minuto. Nang marating ang landing papunta sa second floor ay ibinaba ni Yelen ang tray at iniunat ang mga braso. Lumingon-lingon siya upang siguruhing walang ibang tao sa paligid. Tinanggal niya ang takip ng plastic container. Sa loob ay isang three by three ice-cube tray na naglalaman ng ice cubes. But they weren’t ordinary ice cubes. Sa mapanuring mga mata, slightly discolored ang mga iyon. Two weeks ago niya nabili ang recipe mula sa

isang witch doctor diumano.

Love Potion No. 7 daw iyon. Siyempre pa ay sinunod niya nang maigi ang instructions para sa naturang gayuma. Para siyang tanga na pinipilit ang sariling lumuha gabi-gabi kasi kasama iyon sa recipe. Naisip niyang gawing ice cubes ang love potion upang ihalo sa inumin ni Damon. Kaya ngayon ay lalagyan niya ng ice cubes ang baso nito bago isilbi ang natitira pa.

Para hindi kataka-taka, nagbuhos siya ng regular na rootbeer sa isa pang baso. Ang unang dalawang baso na iyon ang dadalhin niya sa taas. Hindi na halata ang ice cubes sa rootbeer na para kay Damon. Tuwang-tuwa si Yelen; success ang plano niya! Umakyat na siya upang isilbi ang mga inumin.

Si Damon kaagad ang bumuglaw sa paningin ni Yelen. Nakaupo ito sa pasimano ng balkonahe, may hawak na gitara. Tumitipa ito habang ang ibang kasama ay naglalaro ng billiards at nag-aasaran. He had always been sort of a loner, naisip ni Yelen. Minsan ay mag-isa ito sa sulok, hawak ang camera at panay ang kuha ng pictures. Minsan ay naggigitara, pero mas madalas ay nakatunganga lang. May pagka-weird ang binata, pero isa iyon sa mga katangiang nakaakit sa kanya rito. There was a mystery to him

na wala sa iba pa nitong mga kaibigan, gaano man kahaba ang buhok ng mga ito.

“D-Damon. Uminom ka muna, o,” tawag niya rito. Iniabot niya ang basong nasa kanan, iyong naglalaman ng kanyang dinoktor na ice cubes.

Ngumiti ang binata nang makita siya at ibinaba ang gitara sa tabi. “Wow, thanks.”

“Asan na ba ang iba, ba’t ito lang?” anang kuya niya na kinuha ang basong nasa kaliwa niya.

“M-mabigat kasi, babalikan ko na lang iyong iba,” paliwanag ni Yelen. Inantay niyang uminom si Damon.

“Tulungan na kita,” bagkus ay sabi nito at inilapag ang baso sa tabi.

“Ah, kaya ko na, huwag na,” sabi ni Yelen. “Inumin mo muna ’yan at baka nauuhaw ka na.”

“Hindi, okay lang, tulungan na kita,” giit ni Damon. Hinawakan pa siya nito sa siko.

“Sigurado ka bang hindi mo muna iinumin ’yan?” Para na siyang engot sa pagpipilit na inumin nito ang rootbeer, but she had to make sure he’d drink it. Ayon kasi sa karagdagang instructions ng witch doctor, kailangang sa harapan niya mismo inumin

ang potion upang mas maging mabisa iyon.

“Mamaya na, halika na.” Hinila siya nito sa pupulsuhan.

Atubili man ay walang nagawa si Yelen kundi sumunod dito.

“Saan mo nilagay?” Nilingon siya ni Damon. “O, bakit ganyan ang mukha mo?”

“W-wala,” paiwas niyang sagot, “nasa landing iyong tray.”

“Sigurado kang okay ka lang? Parang ayaw mong umalis d’un. Siguro may crush ka sa mga barkada namin ng Kuya Yo mo, ’no?” Nanunukso ang tinig nito pati ang pilyong mga mata.

“Wala, ah!” Ang tigas ng tanggi niya. *Halata na ba siya?*

Tumawa lang si Damon. Nakababa na sila by that time. Yumuko ito nang konti upang kunin ang tray na naglalaman ng baso. Namutla si Yelen nang damputin nito ang plastic container na naglalaman ng kanyang ice cubes!

“Ano ba ’to?” anitong ineksamin ang nakasulat na ‘DON’T TOUCH’ sa ibabaw.

“Akin na ’yan!” maagap niyang inagaw rito ang lalagyan. “P-project ko ito sa Chemistry. Nakalimutan kong itabi.”

Nakatitig sa kanya si Damon, a strange look on his face. “Alam mo, may kakaiba talaga sa ’yo, Yel. May sakit ka ba?”

“Okay lang ako. Iakyat na natin ’yan at baka nauuhaw na ang mga kaibigan mo.” Hindi na niya ito inantay na sumagot, bagkus ay nauna nang pumanhik ng hagdan, dala-dala ang container ng frozen love potion.

Sumunod naman ito sa kanya nang hindi na umiimik. Subalit napatda siya nang bumungad sa terrace sa second floor. May lalaking hawak ang basong iniwan ni Damon sa tabi ng gitara nito. Si Art iyon, na brod ng kuya niya at ni Damon sa sinalihang frat. Mahaba ang kulot na buhok nito, singkit at matangkad. Para itong kapre sa tangkad, actually.

“O, Pare, arbor na muna itong drink mo, nauuhaw na ako. Tagal n’yo, eh,” anito at akmang tutunggain nga ang laman ng baso.

“Huwag!” hiyaw ni Yelen.

Napamaang ang mga kalalakihan sa kanya.

“Yel, it’s all right, marami pa naman rito, o,” ani Damon. Inilapag nito ang tray sa steel table sa tabi.

Nakatingin sa kanya si Art, waring humihingi ng permiso.

“Epal ka, ’no, Pare. Para nga kay Damon ’yan, especially prepared ni Yelen. ’Tapos iinumina mo!” ani Dylan. Mukha itong nang-aasar.

Napatingin si Yelen dito. May alam kaya ito?

She didn’t know what to say dahil nagtawanan na ang ibang lalaki roon. Maging si Damon ay napangiti, iiling-iling na kinutusan si Dylan.

That Art was going to drink it, and she had to do something. “M-may... I mean, nakalimutan pala kasing hugasan ni Ate Rina ang basong iyan, basta na lang kinuha mula sa cupboard.”

Art shrugged. “Hindi naman ako maselan. Okay lang ba? Mukha kasing malamig, may ice cubes pa.”

“Sanay makipag-share ng utensils sa ipis iyang si Art,” sabat ng kanyang kuya na dumampot ng isang baso ng rootbeer mula sa tray. “Naghuhugas lang iyan ng plato kapag wala nang makainan.”

Muling nagtawanan ang mga ito. “Pero—baka maalikabok iyan, palitan mo na lang.”

“Ayaw mo lang yatang ipainom kay Art, eh,” sulsol ng isa pang lalaki. Hindi matandaan ni Yelen ang pangalan nito.

“Guys, huwag na nating asarin si Yel,” ani Damon. “Concerned lang siya sa kalusugan mo, Arturo, ayaw mo n’un? ’Eto na ang inumin mo at akin na ’yan.” Inabutan nito ng bagong baso ang kaibigan. Walang anumang ipinalit naman ni Art ang hawak nito at ininom ang bigay ni Damon.

“Thanks, Pare.”

“O, para hindi na masyadong mataranta si Yel,” ani Damon, “see, it’s gone. No one’s gonna drink from the dirty glass.”

Nanlulumong nakapanood si Yelen habang ibinubuhos nito ang laman ng basong may love potion sa paso. Wala siyang magawa kaya walang imik na nilisan niya ang terrace at nagtuloy sa sariling silid. Gusto niyang magpapadyak at humiyaw and she couldn’t do that in front of all those boys.

Hinalikan ni Yelen ang ama at ina bilang pagbati. “Hi Ma, Pa.”

“Mabuti naman at dumating ka. Iyan na ba ang

mga epektos?” biro ng kanyang papa. Bumaba ito upang tulungan ang kuya niya at si Damon na kunin ang mga gamit mula sa sasakyan.

“Thanks, Pa,” aniya bago tumuloy sa bahay kasunod ng ina.

“Sinundo ka ba nina Damon?” usisa ng mama niya.

“Kasama siya ni Kuya Yo nang magpunta sa clinic. Ano na naman ba ang okasyon at talagang kailangan ay narito pa ako, Ma?”

“Kakadating lang ni Damon. Dapat may welcome party siya, ang tagal rin niyang nawala.”

Umismid si Yelen bago naupo sa kitchen stool. “Ma, kung magsalita ka, akala mo walang pamilya iyong tao. May army ’yun ng mga katulong sa mansion nila.”

“Hindi pamilya ang mga katulong. Wala namang sasalubong sa batang iyon, kaya nga laging naglalagalag, di ba? Parang walang naghahanap! Isa pa, hindi na siya umuuwi sa kanila. Meron na siyang condo rian sa Ortigas.”

Mas updated pa ang mama niya kaysa sa kanya, naisip ni Yelen. Ang alam niya ay sa isang uber

exclusive subdivision sa Tagaytay nakatira si Damon kasama ang pamilya nito.

“Ang hirap sa inyo, Ma, ini-spoil n’yo. Parang wala na kayong nakitang mali roon sa tao.”

Tinikman ng kanyang Mama ang tinitimplang kare-kare. “Ikaw naman, parang puro mali na lang ang nakikita mo kay Damon. Mabait naman siyang bata, ah.”

“I’m sure hindi sasang-ayon ang sangkaterba niyang girlfriends na nagkalat kung saan-saan ngayon.” Binuksan ni Yelen ang isang covered dish. S’mores iyon, favorite dessert ni Damon. Pang-kids ang taste nito, ni hindi nagbago. At alam iyon ng kanyang mama. Talagang fan ito ng binata.

“Tut-tut, malay mo naman kung totoo iyang mga nadidinig mo.”

“Eh, iyong mga nagpupunta at tumatawag rito na hinahanap siya? Sa tingin n’yo, gawain ng matinong lalaki ang magbigay ng maling numero sa mga babaeng dine-date? Pagkatapos kayo ang napeperhuwisyo sa mga naghahabol na girlfriends?”

“Hay naku, nakita o nakausap mo ba ang mga babaeng iyon? Mga pakawala, parang hindi napalaki nang maayos. Sa tingin mo ba, papatulan ni Damon

ang mga katulad n'un?"

"Did somebody say my name?" anang tinig sa likuran ni Yelen. Hindi na niya kailangang lumingon upang malaman na nasa kusina si Damon.

"O, kumusta'ng lakad n'yo? Akala ko may kausap ka sa shooting range?" anang kanyang mama pagkatapos magmano at humalik sa pisngi nito si Damon.

No wonder he'd charmed her mother completely. Malambing kasi si Damon, unlike her Kuya Yo na parang bato minsan. Sabagay, maski naman noong bata pa ito ay ganoon na ang ugali ni Damon. Showy ito at parang eager to please. Ayon sa kanyang mama, sabik daw kasi ito sa approval at atensyon ng mga nakatatanda.

"Nag-cancel ho ang kasabay ko kaya tinamad na ako," sagot ni Damon. "Isa pa, excited akong makita itong si Yelen." Pinisil ng binata ang kanyang ilong nang dumaan ito.

"Stop it," aniya rito at lumipat ng upuan upang malayo lang dito. Nakaka-unsettle ang mga hawak ng binata, gaano man kainosente iyon. Hindi niya gusto ang nararamdaman tuwing magkakadikit kahit saglit ang kanilang mga balat.

“Ay, mabuti nga at napilit niyong sumabay na sa inyo iyang bunso ko, Damon. Isang beses na nga lang bumisita rito sa isang linggo, parang pilit na pilit pa.”

“Baka ho may kinabibisihang bagay, Mama,” ani Damon na tinungo ang ref at kumuha ng soda.

“Anong bagay naman, iyong mga pasyente mo?” baling ng ina sa kanya. “Halos araw-araw na lang na ginawa ng Diyos, mga pasyente mo ang kaharap mo. Di kaya mahawa ka na sa mga iyon?”

“Ma, hindi ho nakakahawa ang kondisyon nila. At therapist ho ako, hindi mga baliw ang pasyente ko. Just people who need help to go on with their lives,” matiyaga niyang paliwanag kahit hindi ito ang unang pagkakataon na kailangan niyang i-explain ang nature ng trabaho.

“Your mom’s just teasing you. Lighten up,” ani Damon. Inusyoso nito ang nakasalang sa kalan.

Inirapan niya lang ang lalaki at hindi na sumagot. Batid niyang wala siyang panalo sa mga ito. Pagtutulungan siya ng dalawa. Mayamaya ay ang ina at si Damon na ang nagkukuwentuhan.

“Nagpapakabait ka na ba, ha, Damon?” her mother was saying. Napunta na pala sa babae ang chikahan ng mga ito. Siya namang pasok ng ama at

ni Yonathan mula sa backdoor.

“Nabawasan na ba ang tumatawag rito, Ma?” ani Yonathan. Dumerecho ito sa sink upang maghugas ng kamay.

“Awa ng Diyos. May isa lang na makulit talaga at paminsan-minsan ay tumatawag pa rin.”

“Mukhang epektib ang tatlong taon mong hibernation, my man.” Tinapik ni Yo ang balikat ng kaibigan at nagtawanan ang mga ito.

“Kelan ka ba magseseryoso, ha, Damon? Hindi ka bumabata,” sabat ng kanyang Papa.

“Wala pa ho sa isip ko ang mga ganyang bagay, Tito,” vague na sagot nito.

“Mauuna pa yatang magkapanganay kaysa magkaasawa sa dami ng girlfriends,” Yelen couldn’t help saying.

Napatingin ang lahat sa kanya.

“Yelen, what a thing to say,” anang kanyang mama.

“Di ko akalaing may alam ka na pala sa ganyang mga bagay, little sis,” nakangising sabi ni Damon. “Akala ko ba, hindi ka pa nagkaka-boyfriend?”

“Don’t patronize me,” iritadong sabi niya rito.

“Tama na nga iyang walang katapusan ninyong away. Para kayong mga aso’t pusa. Kakarating lang ni Damon, Yelen. Baka puwedeng ceasefire muna kayo ng isang linggo,” sabi ni Yonathan. Nagmano ito sa ina at tumuloy na sa dining room.

“As usual, ako na naman ang magpapasensya.” Umikot ang mga mata ni Yelen.

But when she stopped, she caught the look on Damon’s face. Mukhang uncomfortable ito. His smile was a little uncertain. Dapat lang.

Umakyat si Yelen sa dating kuwarto upang mag-freshen up bago ang hapunan. Kumuha siya ng isang tuwalya mula sa cabinet at tinungo ang second floor bathroom. Habang padaan sa family room ay nakadinig siya ng tugtog ng gitara. Sumilip siya sa bukas na sliding doors papunta sa veranda upang sinuhin iyon dahil mukhang doon nanggagaling ang tunog. It was like stepping out of a time machine. Doon sa usual nitong puwesto sa pasimano nakaupo si Damon, hawak ang gitara. Hindi siya nito napansin kaya napagmasdan niya ito nang ilang segundo.

He was taller, and he had filled out, his hair was

much shorter, but it was him all right. Ang Damon na pinagkagagahan niya all through her teenage years. Mukhang engrossed ito sa pagtipa. She realized he was playing an old favorite of hers—*My Eyes Adored You* ni Frankie Valli. Bahagya pa itong kumakanta at minsan ay umuulit dahil waring kinakapa pa ang chords.

Carried your books from school

Playing make believe you're married to me...

Till we grew into me and you and went our separate ways.

My eyes adored you...

Like a million miles away from me you couldn't see how I adored you, sa isip ay dugtong ni Yelen.

She knew the lyrics well. Hindi niya alam kung gaano siya katagal nakatitig at nakikinig, mesmerized, before she realized that Damon was looking back at her. Napatuwid siya sa kinatatayuan.

“Hi there, Princess.” Ikiniling nito ang ulo sa espasyo sa tabi nito.

Atubili siyang lumapit. Alas seis ng hapon at papalubog ang araw.

“I’ve always enjoyed the sunsets here,” sabi ni Damon nang makalapit siya. Nakatingin ito sa bandang kanluran.

“I’m sure mas breathtaking ang sunsets sa veranda n’yo sa Tagaytay.” Nakitingin na rin si Yelen at sumandig sa pasimano imbis na maupo.

“Probably. Pero may bahid ng panunumbat at disappointment ang mga sunsets sa bahay,” biro nito.

Ilang sandali ang lumipas bago muling nagsalita si Damon. “See how peaceful it is when you’re not talking?”

Isang irap lang ang ibinigay niya rito. Tumawa ito.

“Kumusta ka na ba talaga? You never called me, not once.” Marahan nitong pinisil ang kanyang pisngi.

“Stop it, Damon. Hindi na ako fourteen,” saway niya. Kapag ginagawa nito iyon ay naaalala ni Yelen ang gawi nito noong mga bata pa sila. Memories that should be forgotten... “Ano ba ang plans mo? Kailan ang alis mo?” pag-iiba niya sa usapan.

“Kakarating ko lang, pinapaalis mo na ako?”

“Nagtatanong lang ako. Hindi ba gan’un ka naman, parang ipo-ipo? Biglaan ang dating, biglaan

din ang alis.”

Umiling si Damon, smiling a little. “This time, wala pa akong plano. I might stay longer.”

“Longer? Ibig sabihin, imbis na one week, two weeks?” sarkastikong tugon ni Yelen.

“Damn. Alam mo ba ang kagandahan ng walang girlfriend? Hindi ko kailangang sagutin ang ganyang mga tanong!” Pagkuwan ay tumawa ito.

“So you think I’m nagging?” Tumaas ang kilay ni Yelen.

“Don’t worry. Kung ikaw ang magna-nag, payag ako. You’re a cute nag.”

Inirapan niya ito. “Diyan ka na nga.”

“Whoops!”

Tumilapon ang lapis sa unahan ng conference room, malapit sa paanan ng ama ni Damon. Lumingon si Damian De Guia mula sa *PowerPoint* presentation. Nang makita ang lapis ay sinulyapan nito ang nag-iisang anak. Nagsalubong ang mga kilay nito. Sa paraan ng pagkakaupo niya ay maaaring mabaligtad ang upuan anumang oras. Pero parang nakikisama

ang muwebles at nakabalanse pa rin iyon sa kabila ng bigat ni Damon. He ignored the old man's glare.

“Damon, if you would lend us your attention long enough to stop acting like a three-year-old...” sarkastikong umpisa ni Damian.

“Sorry, Pop.” Ibinalik ni Damon sa ayos ang upuan at nagkunwang interesado sa pinag-uusapan sa meeting na iyon.

Hindi iyon pormal na board meeting. It was simply a monthly pow-wow ng lahat ng mga heads ng iba't ibang magazines at publications na pag-aari ng *De Guia Publications*. Hindi iyon official pero wala ni isang empleyado na nagde-dare na mawala sa unofficial brainstorming at status report day. Oo nga at incorporated ang *DG Publishing*, pero hawak ng kanyang ama ang controlling shares for as long as Damon could remember. Family corporation na rin iyong maituturing dahil bukod sa kanyang ina na may pangalawang pinakamalaking shares sa nasabing kompanya, siya ang pangatlo at siya ang papalit sa ama bilang CEO and President ng korporasyon sa oras na magretiro ito. Sa edad na sixty-seven, DDG showed no signs of retiring. Which suited Damon fine. Nagagawa niya ang mga bagay na gusto at hindi siya nakakadena sa opisina.

“...readership had gone up fifty percent simulanang may gumawa ng feature sa mga local support groups for battered women, biktima ng child abuse, teen pregnancy, among others.” Isa sa mga editors-in-chief ang nagsasalita. Tumayo pa ito upang magbigay ng ilang pamphlets sa iba pang naroroon.

“Kaya palagay ko ay dapat nating i-feature ang isa sa mga local support groups. There seems to be an audience for that kind of thing,” suhestiyon ng isang baklang managing editor ng *Mom’s Best*, ang pang-mommy nilang magazine.

“Any lead from research yet?” tanong ng isa pa.

“We have one that is very interesting. Na-feature na ito sa isa nating TV show actually, Sir DG.”

“Alin iyon?” interesadong tanong ng ama ni Damon.

Bilib din siya rito. Kung tutuusin ay hindi na nito kailangang i-concern ang sarili sa maliliit na detalye. Pero heto ang ama, Sabado ng umaga at imbis na mag-relax sa golf course o sa bahay ay kinakausap ang mga underlings for the smallest things like an article for their magazine. Siguro ay iyon ang sekreto nito sa success—ang pagiging hands on.

“It’s an informal clinical program called *Get Over*

It. It was formulated by a very young psychiatrist na trained abroad. Let me see, oh yeah, Dr. Yelen Canseco.”

Napaunat si Damon sa puwesto. Bumagsak ang muwebles pero balanse pa rin iyon at hindi nabaligtad. For the first time that morning, his brain was truly alert.

“Ivy Leaguer si Dr. Canseco. Sa *UP* niya nakuha ang undergraduate degree in Psychology, ’tapos ay sa *Harvard* ipinagpatuloy ang Masters at PhD. On scholarship grants take note,” impressed na pagbabahagi ng isang editorial assistant.

“Let me see.” Inagaw niya mula sa nairitang editor ang tinutunghayan nitong *iPad*. Nakalista nga roon ang klinika at address ni Yelen, at nang mag-scroll down pa siya ay ang pictures ng klinika nito at ni Yelen mismo. Napatuon ang pansin niya sa file photo ng dalaga—nakasuot ito ng cream-colored blazer over a linen blouse, nakatali ang buhok sa pormal na ponytail. She was smiling in the photo. Ang iba pa ay forum sites kung saan pinag-uusapan ang program nito at ang official website ng klinika.

“Why the interest? Is she one of your girlfriends, Damon?” usisa ng isang creative director.

“Hardly,” halos ay sa sarili lang niya sinabi iyon. “Sino ang naka-assign dito at kelan ito dapat lalabas?”

Nagtataka man ay sumagot ang isang EIC. “Holiday issue sana. We’re hoping to get her permission to interview her and shadow their sessions.”

“Ang interesante rito, Dr. Canseco is actually dubbed as ‘Heartbreak Angel’ sa mga forum sites. Ang philosophy niya, heartbreak is a triumph in disguise. Na in three months, makakayang lagpasan ng kahit na sino ang isang breakup, na magiging better person pa siya pagkatapos ng masakit na karanasan. Maganda ang feedback ng mga participants sa net. Also, I heard from the grapevine that a major network wants to sign her up for a weekly show. Parang Tyra Banks slash Oprah with Dr. Phil.”

“So, let’s get that on the agenda then,” ayon ni Damian. “Gusto mo ba ang assignment na ’to, Damon?” tanong nito sa anak.

“Sure, why not,” kikit-balikat niya.

“Great, we could use a master lensman for the shoots. At Lenny, mag-assign ka ng isa mong writers to coordinate with—”

“I’ll write the piece myself,” putol ni Damon sa iba pa nitong sasabihin.

Napatingin ang lahat sa kanya. Understandably, dahil wala pa naman siyang naisusulat na artikulo sa kahit anong publication maski isa.

“Hijo, trabaho ito ng ating mga writers—” simula ni Damian.

“Kaya ko ’to, Dad,” mariing putol niya, tumitig sa ama.

Tumango ang nakatatandang De Guia matapos ang ilang minuto. “All right. But I’ll still have a writer tail you to make sure you ask the right questions.”

“No. I prefer to work alone. Isa-submit ko na lang for editing kapag tapos na. Now I think I should go. I have stuff to do. *Ciao.*” Sumaludo si Damon sa direksyon ng ama at nilisan na ang conference room.

3

It was a glorious Sunday morning. Wala siyang trabaho, session o errands. It was Yelen's favorite part of the week. Nang maisalang ang kape sa coffee maker ay lumabas siya upang damputin ang diyaryo na karaniwan nang inihahagis sa loob ng kanyang bakuran.

Hindi niya mahanap ang tsinelas na pang-labas kaya barefoot niyang tinakbo ang front gate. Naroon nga sa ilalim ng bakal na gate ang rolled up na kopya ng *Inquirer* at *Manila Bulletin*. Makakapal iyon dahil Linggo. She was looking forward to an hour with the two papers with her coffee. Naalala niyang mayroon pala siyang Danish pastry na bigay ng isang kliyente kahapon.

She was about to turn around nang makarinig ng snapping sound. Parang shutter iyon ng kamera. Luminga siya at muntik nang mapatili. May lalaking nakaupo sa swing set sa baba ng kanyang porch, with a camera.

“D-Damon?”

Ibinaba ng lalaki ang dalang camera at ngumiti

sa kanya. “Good morning, Yel.”

“Ano’ng ginagawa mo rito?” naguguluhan niyang tanong. She was wearing nothing but her sando and shorts na terno sa pantulog, and her tattered robe na dati ay purple at ngayon ay parang faded blue na ang kulay sa kakalaba. Nakapaa siya at nakasabog ang buhok! Ipinantakip niya ang mga dyaryo sa sarili.

“Sorry to scare you. Di ko na-realize na masyado pala akong maaga. I brought breakfast.” Itinaas nito ang isang basket na naglalaman ng marmalade, loaf bread, fresh butter at ubas.

“A-ano? Bakit?”

“I need to talk to you,” anito at muling kinuha ang camera.

“Stop taking pictures!” saway niya.

Damon grinned. “Sorry. I’m a photographer. Can’t resist a beautiful subject when I see one.”

Tumaas ang isang kilay ni Yelen. Bakit siya binobola nito? Ah, may kailangan ito. Nauna na siya papasok ng bahay.

“Sana tumawag ka man lang muna,” aniya rito. “May kapit-bahay akong may BB gun. Kung nakita ka noon trespassing, dila mo lang ang walang latay.

Trigger happy pa naman iyon.”

Damon shrugged. “Good thing I arrived early then.”

“Kanina ka pa ba rito?”

“Just a couple of hours. Taking pictures.”

Humarap si Yelen sa binata. “Pictures? Nang hindi muna nagpapaalam sa akin?”

Tumaas ang isang kamay ni Damon habang ang isa ay inilalapag ang dalang basket sa dining set ni Yelen. “Don’t get all Little Miss Bossy on me. It was just for fun. Hindi ko ipa-publish or ibebenta. And by the way, congratulations on your choice of real estate. Tahimik rito. Almost rural. Ni hindi ko naririnig ang mga sasakyan sa highway.”

Pinagmasdan ni Yelen ang binata. He looked freshly shaven, wearing loose white sweats over khaki pants and sneakers. Mamasa-masa pa ang buhok nito. Nakatitig din ito sa kanya. More specifically, at her chest! At napagtanto niya kung bakit. Wala siyang bra kapag natutulog. Tumalikod siya rito.

“Go back to the living room and don’t come out until I say so.”

“Yel, just so you know, wala kang itinatago na

hindi ko pa nakikita. Many times. Sa ibang babae nga lang, but believe me, pare-pareho lang ang hitsura—”

“I don’t care,” putol niya sa mga pinagsasabi nito. “Just go!”

Tatawa-tawang sumunod ito.

Prenteng nakaupo sa wicker chair sa front porch si Damon nang lumabas si Yelen matapos makapagbihis. Hindi siya mapakali na nasa loob ng kanyang bahay si Damon unsupervised kaya kung ano ang unang nahablot mula sa closet ay siya na niyang suot. Ang resulta, light pink hoodie at iyong tennis skirt na kulay puti ang suot niya.

Umiinom na ng kape si Damon sa balkonahe at nakahanda na rin ang pastry—lightly toasted, ang ubas at marmalade, maging ang tinapay na dala nito. She wondered kung paano nito iyon na-accomplish sa maikling panahon. Halos di na siya magsuklay sa pagmamadali.

Dinampot niya ang mug ng kape na isinalin ni Damon para sa kanya. Saka niya sinipat ang mug na pinaglagaan nito. “Did you wash this? Hindi ito ang mug ko.”

“You really have this obsessive-compulsive thing with glasses and mugs,” amused na sabi ni Damon. “Pasensya ka na, ha? Wala kasing mug doon na nakapangalan sa ’yo. And yes, I washed them first.”

Tumayo siya at sumaglit sa kusina. Pagbalik ay dala na niya ang kanyang paboritong mug. Kulay crimson iyon na may naka-stencil na insignia ng *Harvard University* in white letters.

“This is my mug. This is where I drink my morning coffee.” Ibinuhos niya ang laman ng mug doon.

“Wow, ang liit niyan. Mas maliit lang nang konti sa litro ng *Coke*. Baka hanggang hatinggabi, hyper ka.” Nakataas ang kilay ni Damon.

“This is my dose. And I’ll be needing it, thanks to you.”

“Kailan mo pa kailangan ng fortification pagdating sa akin? Sa pagkakatanda ko, in the past, kayang-kaya mo ako.”

“This is an ambush. Ni hindi pa ako gumigising pero narito ka na sa bahay ko.”

She was smiling. And Damon was also smiling. For a while, hindi sila nag-iiringan kundi parang normal na magkaibigang nagbibiruan. It was a good

feeling. Na-realize iyon ni Yelen kaya tumuwid uli siya ng upo. Hindi niya dapat ibaba ang depensa kapag nasa paligid si Damon!

“Bakit ka nga nandito?”

Inilapag ni Damon ang kape sa mesita. “I need to talk to you about a magazine article.”

Kumunot ang noo ni Yelen. “What article?”

“Tungkol sa ’yo. Your clinical program, actually.”

Napatitig si Yelen sa binata. Hindi siya sigurado kung nakaringgan niya ito. “Are you serious?”

“As a heart attack,” ani Damon. Dumampot ito ng tinapay at pinahiran iyon ng butter at marmalade. Saka ibinigay kay Yelen. Wala sa loob na inabot niya ang tinapay. Nagpatuloy ang binata. “*Femme* wants to feature you and your *Get Over It* program for the holiday issue.”

Single women’s magazine ang *Femme*—tackling issues from fashion, health, relationships, even sex. Alam iyon ni Yelen dahil sikat iyon sa newstands.

“So bakit ikaw ang nakikipag-usap sa akin? Hindi ka writer.”

“Kilala kita kaya mas maganda na ako ang

kumausap sa 'yo upang hingin ang permiso mo na isulat namin ang tungkol sa program mo. Pati na rin ang pagkuha ng mga photos, and to sit in on one of your sessions.”

Umiling kaagad si Yelen. “Absolutely not. Completely private ang mga sessions. I can’t have the media writing about my clients’ emotional lives.”

Hinawakan ni Damon ang kamay ni Yelen. “Hindi namin isusulat ang individual cases ng mga pasyente mo. Mag-o-observe lang kami para ma-describe namin in detail ang program. Magpapaalam din kami na kunin ang feedback at testimonials ng iyong mga pasyente. It’s all about the program, not their individual issues. Hindi siyempre namin iyon pakikialaman—unless they’re willing to share private information. Pero para maging genuinely informative iyong article, kailangan naming ma-experience iyong session mismo.”

His hand was warm in hers. Pinagmasdan ni Yelen ang pinong balahibo sa kamay ni Damon, the slender, conically-shaped fingers. He had the hands of an artist, naisip niya. Kamay ng mga manunulat, pintor, poets. Nang umangat ang kanyang tingin ay mataman siyang tinititigan ni Damon, naghihintay ng sagot.

“Kakausapin ko muna ang mga participants,” tangi niyang nasabi. Mahirap makipagtitigan dito. Hindi siya komportable. There was definitely something hypnotic about those light brown eyes.

“Think about it. Magkakaroon ng free publicity ang clinic mo. Dadami ang makakaalam sa klase ng serbisyo na ino-offer mo, at makakatulong pa kami sa mga nangangailangan ng impormasyon para sa mga klinikang katulad ng sa iyo. Unique ang program mo sa buong bansa,” patuloy na pangungumbinsi ni Damon.

“W-why—” Tumikhim si Yelen. “Why the sudden interest?”

“Maraming curious sa treatment style mo. This is new, groundbreaking even. Pinag-uusapan ka sa Internet.”

Tumango si Yelen. Namalayan na lamang niyang banayad na hinahaplos ni Damon ang kanyang palad sa pamamagitan ng thumb nito. Hindi niya alam kung unconscious iyon sa parte nito, but it was both a pleasant and not so pleasant sensation. The way his thumb moved over her skin gave her goosebumps. Dagli niyang binawi ang kamay.

“Ano sa palagay mo? Yel?” untag ni Damon,

animo hindi napansin ang ginawi niya.

Napakahirap tanggihan ang isang kasing-kisig nito pero kunwa ay nag-isip siya. “Kakausapin ko muna ang mga pasyente ko kung okay lang sa kanila ang sinasabi mo. My patients’ interests come first before any magazine article. I hope naiintindihan mo.”

Tumango si Damon. “Anything you say, Doctor.”

Matapos ang huling sulyap sa salamin ay tumayo na si Yelen. Sumulyap siya sa wall clock. Alas cuatro ng hapon. Two hours ang kanilang sessions. Hinagilap niya ang program schedule bago lumabas ng opisina. Binabasa niya iyon habang patungo sa session room kaya di niya napansin ang lalaking kasalubong. Huli na nang mapagtanto niyang may nakatayo sa reception area nila.

“Ay!” Napasubsob siya sa dibdib ng lalaki.

“Careful, Doc,” anang pamilyar na boses.

“Damon?” Kumalas siya mula sa semi-yakap nito. Inayos niya ang damit at dala. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Business. The article.” Itinaas ng binata ang

Press ID pati ang camera na nakasabit sa leeg nito.

“Damon, I told you na kakausapin ko muna ang participants kung papayag sila,” exasperated na sabi niya.

“I know, kaya nga ako nandito. Para kasama mo akong magpaliwanag sa kanila kung ano ang hihingin natin. Kapag pumayag sila, puwede na akong mag-start, take pictures. Time saving, di ba?”

Isang buntong-hininga ang pinakawalan ni Yelen. “Hindi puwedeng basta ka na lang nagpupunta nang walang pasabi. It’s becoming a really annoying habit of yours.”

“Naisip ko kasi na tatanggi ka lang kapag nagpaalam ako. Mas mabuti iyong ina-ambush ka.” Nakangisi si Damon.

“Ah, gan’un? You think you can bully me with your charm and your nonsense?”

“Is it working?” Lalo pa itong lumapit sa kanya, reaching out to tuck a stray hair behind her ear.

“Damon, stop it.” Lumingon siya sa desk ni Becky. Waring abala ito sa computer. “I’m at work.”

Tumaas ang isang kilay ni Damon, something that made him look even more impudent and gorgeous at

the same time. “Ah. How about after work, can I do anything I want with you, huh, Doc?”

Pakiramdam ni Yelen ay namula ang mga tainga niya dahil nag-init ang mga iyon. “Damon, puwede ba, magsisimula na kami. Bumalik ka na lang sa ibang araw.”

“Why? ’Andito na ako. What’s the big deal?”

“Ang kulit mo!” Kulang na lang ay sabunutan niya ang sariling buhok pero wala naman siyang masabing matibay na dahilan dito. Nilampasan niya ang lalaki at nagtuloy na sa session room. Talagang wala siyang magagawa sa sheer tenacity ni Damon. Kabisado na niya ito. Mas stubborn pa ito sa kanya at magsasayang lang siya ng oras sa kakaargumento.

“Hi, Dr. Yelen!” bati ng mga participants nang makapasok siya sa silid.

“Hi guys, how are you doing?” bati niya, pero mukhang walang interesadong sagutin ang pangungumusta niya. Ang lahat ay nakatingin sa kanyang likuran.

Batid ni Yelen na sumunod sa kanya ang talipandas na si Damon. Alam niya kung paano umakto ang mga babae kapag nasa paligid ang lalaki. She should know, she used to act that way, too.

“I’m sorry, guys, there’s a bit of an irregularity today. Meet Damon De Guia, he’s a writer-photographer. Kakausapin ko pa sana kayo tungkol sa hinihiling niya, but he’s here, so why don’t we listen to what he has to say.” Tumingin siya sa direksyon ni Damon at tinanguan ito.

“Thanks. Hi, ladies.” Nginitian ni Damon ang mga kababaihan doon, sabay taas ng isang kamay.

Nag-‘hi’ rin pabalik ang mga ito, at ang iba ay di ikinubli ang interes sa kung anumang sasabihin ni Damon.

“Pasensya na kayo sa abala. But I hope you don’t mind if I take a few minutes of your time?” Mukhang talagang napaka-humble nito kung umasta. Gusto mang mainis, hindi mapigilan ni Yelen ang bumilib kung paano gamitin ni Damon ang taglay na charm upang makuha ang gusto nito.

Kahit siguro hindi ipinanganak na mayaman, magtatagumpay ito sa buhay dahil sa kakayahang mambola. He could charm the leaves off a tree, kung kinakailangan. Doon niya napagtantong importante talaga ang pisikal na ganda, kung di man ang magandang personality para padaliin ang ibang mga bagay. Naupo siya at hinintay na magsalita si Damon pagkatapos nitong magbitaw ng ilan pang jokes.

“I’m Damon De Guia, please call me Damon. I’m a friend of your beautiful doctor here. I work for *Femme* magazine. Dr. Yelen’s clinical program caught our attention through some forum sites online na pinag-uusapan ang mga programs na katulad nito, aiming to help women. We are very, very interested in featuring this on our holiday issue—that is, kung papayag kayo.”

Nagpatuloy pa si Damon sa pagpapaliwanag kung paano makakatulong ang ganoong exposure sa program upang makakuha ng mahalagang impormasyon ang ibang potential clients na maaaring mangailangan ng ganoong klase ng serbisyo. How the girls’ experience could inspire and help other women who might be in a similar situation.

He’s really good, ani Yelen sa sarili. Ginamit nito ang empathetic tendencies ng mga kababaihan, ang kagustuhang makapag-share ng anumang bagay na makatutulong sa kapwa babae. Obvious na sang-ayon dito ang karamihan sa mga participants, lalo na ang mga dalaga pa. Dapat ay ito ang therapist at hindi siya, she thought wryly.

“So, with that in mind, I would like to ask for your permission for me to sit in on a couple of your sessions, interview you, if you’re willing, and take

photos of the session. We'd also like to get a photo shoot of this batch kung willing kayong lahat. For you to talk about your experiences, what the program is like, kung ano ang pakinabang na nakuha n'yo dito, things like that. *Femme* magazine and I would really, really appreciate it." Parang maamong tupa ang hitsura ni Damon sa concluding statement nito, pinagsalikop pa ang dalawang kamay na animo taimtim na nakikiusap. Pinapungay pa lalo ang mga mata, with a charming smile for every woman in the room. Lahat ng mga ito ay mistulang captive audience. Kulang na lang ay palakpakan ng mga ito si Damon.

May nagtaas ng kamay. It was Maggie.

"Are you related to the De Guias of Cavite? Ang may-ari ng publishing company?"

Tumango si Damon, pagkatapos ay sumulyap sa sulok ni Yelen. "Unfortunately, yes."

Tumawa ang mga babaeng naroon. Lalong naging interesado ang mga ito. "But we thought you work for international magazines. Di ba nasa extreme sports ka rin?"

At sunud-sunod na ang tanong ukol sa personal na buhay ni Damon. Nagsimulang mairita si Yelen.

Imbis na ang program ang pagdiskusyunan ng mga ito, at ang posibleng invasion sa kani-kanilang privacy dahil sa article na isusulat ni Damon, mas inuna pang busisiin ng mga babae ang personal na buhay ng binata. Tumayo siya.

“Okay, I think that’s enough,” pang-i-interrupt niya sa chikahan ng mga ito. “Nasabi na ni Mr. De Guia ang nais niyang sabihin so we will think about it first, right?”

“We’re okay with it,” maagap na sagot ni Maggie. “Makakatulong iyon sa clinic at sa program.”

“Tama si Damon. More women need to know that your clinic exists,” ayon pa ni Joanne.

Nagtanguan ang iba pang participants. Wala tuloy siyang masabi. Kahit duda siya na kagustuhang makatulong sa klinika ang buong dahilan kung bakit napakadaling sumang-ayon ng mga ito.

“Ladies, I really appreciate your cooperation. Thanks,” ani Damon na lumapit kay Yelen at inakbayan pa siya. “Then again, ang final say ay na kay Dr. Yelen pa rin. She knows what’s best for you guys, at kailangan ko rin ang permiso niya upang isulat ang tungkol sa program. But I appreciate your support, I really do.”

Pinagkakamayan nito isa-isa ang mga babae. Yelen cringed. Ang iba kasi ay halatang kinikilig at nagpapa-cute dito. Di mo aakalaing noong isang buwan lang, halos magpakamatay ang iba sa mga ito dahil sa pighating dulot ng mga walanghiyang ex. Women could be so stupid, naisip ni Yelen. Pero sinaway rin niya ang sarili. Mga kliyente niya ito. Hindi siya dapat nag-ju-judge.

Nang matapos ang sosyalan ay kalahating oras na ang nakaraan. *Oh well, hindi naman ako ang nagbabayad for two hours.* Pero bahagya pa rin siyang nairita dahil nasira ang schedule niya. Mag-e-extend na lamang sila kapag hindi nagkasya sa dalawang oras ang naka-schedule.

Inihatid niya si Damon sa labas matapos itong magpaalam.

“Kulang na lang kunin mo ang mga numero nila,” bulong ni Yelen habang papalabas sila ng conference room.

“Well, now, that’s not a bad idea, Doctor,” sakay ni Damon na lalong nagpainis kay Yelen.

“You can go now, Damon.” Itinulak niya ito palapit sa pinto.

“Bye, Becky,” paalam nito sa kanyang assistant.

“Bye, Damon,” ngingiti-ngiting sagot ng babae. “Bibigyan ko lang ng refreshments ang mga participants, Yelen. You can take five.”

“I don’t need it,” sabi niya sa receptionist. Parang nananadya yata ito. Pinagbe-break na siya gayong di pa nga nakakapagsimula ang session!

“Come on, masyado kang workaholic. Let’s go get coffee,” ani Damon.

“Marami kaming kape dito. At salamat sa ’yo, our program schedule’s shot. Hindi ba talaga uso sa ’yo ang pagtawag muna bago sumugod? We ordinary people have schedules to keep, you know.”

“Okay, sige, I apologize. Hindi ko sinasadya.”

“Talaga?” Nakataas ang isang kilay ni Yelen, nakahalukipkip. “Di ako naniniwala.”

“Fine.” Ikinibit ni Damon ang mga balikat. “Sinadya ko talaga. But only because I really wanted to do this. Naiintindihan mo rin naman ang advantages ng gagawin namin, di ba?”

“I do. But I’m a therapist first and a businesswoman second. These women may seem okay, but they have issues, they’re still fragile. Two weeks ago lang, ang ilan sa kanila ay suicidal. Hindi ko gustong nadi-

disrupt ang routine na na-establish na namin. I don't want them relapsing. O mag-isip na puwede na silang sumabak sa panibagong relationship.”

“O, ba't ang sama ng tingin mo sa akin?” Patay-malisya pa ang binata. But he was grinning. “Now that you mention it, some of those women are really pretty.”

“Damon Eugene De Guia!” Pinandilatan niya ang lalaki. Kung hindi lang ito sobrang tangkad, kinutusan niya na ito.

“Okay, I'm joking. Or not. Wala naman akong panalo sa 'yo, eh. I'm always the bad guy with you,” tila nagtatampo ang tinig nito.

“Tigilan mo ako, Damon, ha. Di mo ako madadaan sa pagpapa-cute mo.”

“Oh, so inaamin mo na cute ako?” Bumalik ang ngiti nito, kasabay ng paghimas sa ilalim ng baba habang nakatitig sa kanya.

“Stop being childish,” sabi ni Yelen. “Wala ka na bang ibang gagawin? Trabaho? Babaeng lolokohin?”

“Hey, Doctor. Hindi ko alam kung saan mo nakukuha ang tsismis na 'yan pero hindi ako nanloloko ng babae, ha. That's not true, not fair.”

Ganoon na lang ang iling nito.

Yelen rolled her eyes. “Whatever. Just leave.”

“How about dinner tonight?” anito nang makalabas na sila ng klinika at nasa balkonahe ng building.

Nabigla si Yelen sa sinabi nito kaya nakanganga lang siya sa lalaki ng ilang minuto. “Huh?”

“Liligawan sana kita, eh,” seryosong tugon ni Damon.

Napalunok si Yelen. Para siyang naestatwa habang nakatitig sa binata. Papalapit pa ang mukha nito sa mukha niya.

“Liligawan pa kita to get your permission for your interview.”

Yelen glared at him. Kahit kailan talaga!